

- Pasalamatan ang Diyos sa pagbibigay sa atin ng Kasulatan upang ibahagi ang Kanyang kalooban at naisin sa atin. Ipanalangin na marinig at maintindihan mo ang nais Niyang sabihin sa iyo araw-araw.
- Maniwala na ipapakita sa iyo ng Diyos ang anumang pagdududa o pangamba na mayroon ka tungkol sa Kasulatan. Manalangin na bigyan ka Niya ng pananampalataya na maintindihan ang Kanyang Salita.
- Ipanalangin na gabayan ka ng Diyos habang itunutuon mo ang iyong sarili sa Kanyang Salita araw-araw. Ipanalangin na sa paggawa mo nito, ang iyong mga kapamilya at kaibigan ay makakaunawa rin ng Kasulatan.

NOTES

WORDVIEW

Kalinawan

WARM-UP

- Ano ang isang wikang nais mong matutunan? Bakit ito ang napili mo?
- Ikuwento ang isang interesanteng mensahe na natanggap mo ngayong linggo. Bakit interesante ang mensaheng ito?
- Ano ang paborito mong pelikula? Bakit mo gustong-gusto ang pelikulang ito?

WORD

*Buksan n'yo ang aking isipan upang maunawaan ko ang kahanga-hangang katotohanan ng inyong kautusan. **MGA SALMO 119:18***

Maraming pag-aalinlangan at katanungan ang itinataas tungkol sa kalinawan ng Kasulatan. May iba na nagsasabing ang pag-unawa sa Kasulatan ay para lamang sa mga nakapag-aral na mga relihiyosong pinuno. May iba naman na naniniwalang hindi ito posibleng maintindihan. Sa ating mas malalim na pagtingin sa Kasulatan, makikita natin na ang kalinawan nito ay tiyak. Ang tao, sa anumang antas ng buhay, ay maaaring maka-unawa sa Salita ng Diyos, at tinutulungan Niya tayong maintindihan ito.

1 Ginawa ng Diyos ang Kasulatan na malinaw at madaling unawain.

Ang pagpapahayag ng inyong mga salita ay nagbibigay-liwanag sa isipan ng tao at karunungan sa mga wala pang kaalaman.

MGA SALMO 119:130

Ang ating Diyos ay Diyos na nais makipag-usap sa Kanyang mga mamamayan, at nais Niyang ipakita ang Kanyang kalooban. Dahil ang Kasulatan ay Salita ng Diyos, nangangahulugan na ito ay mula sa Kanyang katangian. Binigyan Niya ng kapangyarihan ang mga tao sa iba't ibang bahagi ng kasaysayan upang malinaw na maipahayag ang katotohanan tungkol sa Kanya at sa Kanyang kagustuhan. Habang binabasa natin ang Salita ng Diyos, makikita rin natin ang maraming paanyaya na aralin at saliksikin ito. Ang layunin ng Diyos sa Kasulatan ay nagpapakita na hindi ito para lamang sa ilang marurunong, kundi para sa lahat ng uri ng tao. Paano ka naliwanagan at natulungan ng pagbabasa mo ng Kasulatan?

.....
.....
.....

2 Binubuksan ng Diyos ang ating isipan upang maunawaan ang Kasulatan.

Buksan n'yo ang aking isipan upang maunawaan ko ang kahanga-hangang katotohanan ng inyong kautusan.

MGA SALMO 119:18

Mayroong mga kahanga-hangang bagay sa Kasulatan; ngunit mauunawaan lamang natin ang mga ito kapag binuksan ng Diyos ang ating isipan. Ginagawa Niya ito habang tayo ay taimtim na nananalangin sa Kanya. Ang panalangin ay mahalagang aspeto ng ating relasyon sa Diyos. Sa ating pananalangin at pagbabasa ng Kasulatan, ginagabayan tayo ng Panginoon upang makita ang katotohanang dapat nating paniwalaan, ang kasalanang dapat talikuran, ang kautusang dapat sundin, ang pangakong dapat angkinin, at ang halimbawang dapat tularan. Magbahagi ng isang pagkakataon kung kailan may inihayag sa iyo ang Diyos sa pamamagitan ng Kanyang Salita.

.....
.....
.....

APPLICATION

- Mayroon ka bang pagdududa o pag-aalinlangan tungkol sa kalinawan ng Salita ng Diyos? Anong katotohanan sa Kasulatan ang nakatulong upang maliwanagan ka nito?
- Sa anong bahagi ng pag-unawa sa Kasulatan ka nahihirapan? Ano ang gagawin mo upang magpatuloy sa pagbabasa ng Kanyang Salita habang ika'y nagtitiwala sa Kanya para sa pag-unawa?
- Paano mo mahihikayat ang iyong mga kapamilya at kaibigan na humubog ng kaugalian ng pagbabasa ng Salita ng Diyos at ng paghingi sa Kanya ng pag-unawa?